# علو الله على خلقه باللغة الفلبينية

# ANG KATAASAN NI ALLAH ﷻ SA KANYANG NILIKHA

Sumailalim sa pamamahala ni:
Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah

Minsan sa atin ay may magtatanong, paano natin ipapaliwanag ang kataastaasan ng Allah ﷻ , at ang tamang opinyon dito ay ang sinabi ng Ahlus Sunnah, ito ay kataasan na mismong si Allah ang mataas, malayo at nahihiwalay sa kanyang mga nilikha.

At ang Qur'an, Sunnah, Ijmaa o kung ano ang napagkasunduan ng mga Iskolar, ang ating pag-iisip at likas ay lahat sumasang-ayon dito.

Kaya marami ang nabanggit sa Qur'an upang patunay na si Allah ay nasa kataastaasan, minsan ito ay nabanggit na si Allah ay nasa taas, o kaya pag-angat ng mga bagay sa kanya at pagbaba mula sa kanya at minsan ay binabanggit rin na si Allah ﷻ ay nasa langit.

Halimbawa ng nasabi sa Qur'an:

**(سبح اسم ربك الأعلى)**

"Kaluwalhatian sa pangalan ng aking panginoon na kataastaasan"

**(و هو القاهر فوق عباده)**

"At siya ang pinakamakapangyarihan sa taas ng kanyang mga alipin"

**(إنا نحن نزلنا الذكر)**

"Tunay na kami ay nagbaba ng kasulatan"

(إليه يصعد الكلم الطيب والعمل الصالح يرفعه)

"At sa kanya [Allah ﷻ] umaangat ang magandang salita at ang mabuting gawain ay umaangat"

(ءأمنتم من في السماء أن يخسف بكم الأرض)

"Kayo ba ay nakakaramdam ng kaligtasan dahil sa kung sino ang nasa kataastaasan, at hindi bigla ipapaguho ang lupa at kayo'y lalamunin nito?".

At halimbawa sa nabanggit sa Sunnah (Turo ng Propeta Muhammad ﷺ):

Katulad ng pagtaas ng Propeta Muhammad ﷺsa kanyang kamay sa langit upang manalangin.

At yung kwento ng Propeta Muhammad ﷺkasama ang aliping babae at kanya itong tinanong: "Nasaan ang Allah?".

Ang babae ay sumagot: "Nasa langit".

At tinanong ulit ito ng Propeta Muhammad ﷺ: "Sino ako?".

Kanyang sinagot: "Ikaw ang Propeta ng Allah".

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Siya ay palayain dahil siya ay mananampalataya, siya ay alipin na di malaya, alam niya ang kanyang panginoon ay nasa taas ng langit at ang mga ligaw mula sa anak ni Adan ay hindi naniniwala na si Allah ﷻ ay nasa kataastaasan". At kanilang sinasabi na ang Allah ﷻ ay wala sa taas,

wala sa baba, at wala sa kanan at kaliwa, subalit si Allah ay nasa lahat ng lugar.

Ang Ijmaa' (إجماع) o napagkasunduan ng maaalam, na si Allah ﷻ ay mismo na nasa kataastaasan, katulad ng naiulat ng maaalam tungkol kay Al-Dhahabi رحمه الله sa kanyang libro na pinamagatang "Ang kataastaasan ng pinakamataas at pinakamapagpatawad".

Kaya kung itong pagtaas ng Allah ﷻ ay dapat natin paniwalaan na kanyang katangian, ganun rin ang lahat ng katangian binanggit ng Allah ﷻ .

At likas natin na paniniwala na ang Allah ﷻ ay nasa kataastaasan, kung saan tuwing tayo ay may kailangan o mananalangin, makikita natin na ang ating sarili ay humaharap sa taas at hindi sa ibang direksyon, kaya nakakagulat ang mga tao na hindi naniniwala na ang Allah ﷻ ay wala sa kataastaasan habang sila ay nagtataas ng kamay habang nananalangin.

والله تعالى أعلم...